SALITA AT BUHAY

NA PINAGDAANAN

Nang Dalawang Mag-amá

SA ISANG ALDEANG

SAKOP NANG REINONG ESPAÑA.

GRAD
PL
605 .9
.S54
3ihr

SALITA AT BUHAY

NA PINAGDAANAN

Ng Dalawang Mag-ama

SA ISANG ALDEA

SAKOP NANG REINONG ESPAÑA.

Oh gradong marikit nang tanang cirkulo
kurong kapisanan tronong kerubiko,
ang nakakatulad tunog nang musiko
manga fakultades sa juntang ganito.

Sa mahusay ninyong hayag na pulutong
citado sa leyes manga observador,
generosong puso'y nakipag alikor
sa honor at uri kilatis nang krisol.

Ako ay gagaya na makipagvlva
sa higing at tunog nang tanang musika,
pusong improdente'y binigyan nang sayá
sabing ikaaliw nang inyong prudencia.

Ako'y nangangahas humango sa texto
lumagda't sumipi nang isang ejemplo,
sa manga noticia nang a ló divino
sa wikang kastila'y hinango sa verso.

Di ko na sabihin manga pag-aprobar
hahabang historia kung ipagsasaysay,
tatahakin ko na, at nang di maligaw
yaring salita ko'y sandaling pakinggan.

Sa tanang pinupo ay inuutang ko
ang kapayapaan at munting silencio,
sa isang noblesa'y magsa palad ako
sa aking panghawakan magsilbing adorno.

Dî anhin ang sabi sa Españang reino
yaong excelenteng harlng Carlos Quinto,
may kapatid siya na isang ginoo
ang panĝala't bansag markes Gualtero.

Malayo sa ciudad nang reinong España
sa lsang kondado ang tahanan niya
ang kapangyariha'y di huli sa iba
may manĝa consejo sa real corona.

Ang kaniyanh hawak na kapangyarihan
ay para ring harl ang kaniyang lagay,
may sariling renta't manĝa pabuwisan
villa at kondado na nasasakupan.

Malaki ang tuwa nang consejong tanan
sa alteza nilang loob na timtiman,
ang nakasisira'y kung siya'y mamatay
ang renta't palaclo'y walang magtatanĝan.

Dahilan sa siya ay walang asawa
ang altezang bunyi na sinabi ko na,
ang manga privadong kasangguni nlya
pawang umaamong siya'y pakasal na.

Ang wika nang markes sa manĝa privado
ang bagay na yaon aniya'y totoo,
nĝunl datapuwa't hintay muna kayo
hindi pasasaan ang bagay na lto.

Sa sagot nang markes sa pribado niya
di nakapag-wika ang isa at isa,
di na sumangguni silang mull pa
umayon sa gusto nang bunylng alteza.

Doon dln sa sakop nang markes Gualtero
ay may isang pastor sa libis nang reino,
doon tumatahan laon nang nabao
ang panĝala't bansag ay si Juanículo.

May anák na bugtong na isang dalaga
ang pangala't bansag nito'y si Cricelda,
timtima't mabait bagaman pastora
magandang babaing walang ikalawa.

Palibhasa ngani'y taong maralita
tinatahanan pa'y isang kubong sira,
sa umaga't hapon ang kaniyang gawa
manga tupa't kambing ang inaalaga.

Sa tuwing umaga'y magsisimba muna
saka pakakanin ang kaniyang ama,
kung ito'y matapos makakain niya
manga tupa't kambing ay pawawalan na.

Manga damit nila na gulagulanit
susunungin niya kungdi kaya'y bitbit,
at doon sa parang kung siya'y sumapit
sa lilim nang kaho'y agad nang lalapit.

Pagdadalitaang tatahiin nanga
yaong manga damit na punit at sira,
kahi't nauupo'y titindig na bigla't
tatanawin niya ang tupang alaga.

Sa tuwituwina'y gawa niya yaon
hindi sumasala sa umaga't hapon.
di ko pag-aanhin nama'y nagkataon
ang markes Gualtero'y nakaraan doon.

Nagmula sa bundok at humabol siya
nang oras na yaon nang mag-inang usá.
siya'y nahiwala'y sa manga kasama
siyang nasumpungan itong si Cricelda.

Pagkakita niya siya'y natigilan
kabayo'y pinigil niya't pinatahan,
at itong pastora'y siyang pinagmasdan
sa dikit at tikas nang pangangatawan.

Nuno po sa lilim itong si Cricelda
ang kahalimbawa'y tala sa umaga,
sa markes Gualterong agad na nakita
nagulo ang loob puso't ala-ala.

Nagulumlhana't dl nakapangusap
humanga ang pusong parang nakamandag,
sa malaking sintang hindl hamak-hamak
siya ay natalo't agad na nabihag.

Nagnilay pagdaka at saka lumapit
ang pinapanalo'y ang malakIng ibig,
ang talaga't nasa ay ipagsusulit
ang malaking sintang tinago sa dibdib.

Pagdaka'y tinanong nang mahal na markes
ang iyong pangalay Ibig kong mabatid,
yaring aking puso'y nasilo't narakip
niyang iyong lagay kiyas mo at tindig.

Ang wika at sagot nang bunying pastora
sa tanong mo poko mahal na alteza,
ang aking pangala'y abang si Cricelda
taong maralita dito sa aldea.

Umuling nagwika ang markes Gualtero
Cricelda ay ano dito ang gawa mo,
sagot ni Cricelda ay pinapastol ko
manga hayop namIng gumagala dito.

Ang wika nang markes dito kay Cricelda
kungdangan ang ako ay may kaluluwa,
sa pagkasimbuyong pagtama nang sinta
sa lagay kong ito'y mistulang patay na.

Na sa pagdulog ko at biglang paglaplt
bait ko'y nagulo sampung pag-IIsip,
lima kong sentido'y pinaulik-ulik
alalayi ako mataas na langit.

Kungdangan ang aking napaglalabanan
malaki ang hiyang bibig ko ay buksan,
laman niyarlng dibdib kung iyong matingnan
natanto mo sana ang katotohanan.

Pagdaka'y nagtIndig Itong si Cricelda
at siya'y sumagot sa bunying alteza,
ang isang para kong hamak na pastora
di sukat bIruin kung tungkol sa sinta.

Ang isa sa roon altezang marangal
sa lagay mong iyan ako ay alangal,
at malaking kutya ang iyong kakamtan
sa isang para ko'y makipagpanayam.

Talastas mo poko't ako'y anák pastor
aliplnin mo ma'y di pa yata ukol,
mangá pagbiro mo'y huwag ipatuloy
mahalay sa iyo't aking panginoon.

Ang sagot ng markes huwag kang magtaka
fenix ang lagay mo sa ibong águila,
sa bagsik nang Diyos kung ipagtalaga
sasalilungan ka nang buong Lisboa.

Di mo baga tanto ang gintong dalisay
at mangá dlamante't rubing makiklnang,
ang hamak na lupa ang pinagmumulan
ang dikit nang sapo'y ikinatatanghal.

Diyan sa wika mong ikaw ay pastora
di ukol at dapat sa mangá markesa,
di bakin si David nang panahong una
pastor ay nagharl nang kapalaran na.

Poon ko Cricelda loob mo'y paghusay
sa aking sinabl huwag kang mamaang,
ito palang sinta'y ang nakakabagay
hindi nakikita ang nilalakaran

Hindi na kumibo itong si Cricelda
tinablan nang hiya takot at pangamba,
tumawag sa Virge't nagbuntong hininga
saklolohan mo po nang mahal mong gracia.

Mag-wari ka poon at mag-ala-ala
huwag kang mabuyo sa isang pastora,
baka ang kamtan mo bukas makalawa
ang ikasisira nang purl mo't honra.

Kaya ang wika ko altezang marangal
mita ka nang iyong kapares kapantay,
sa lagay kong yari ay tantong alangan
ikahihiya mo sa kapuwa mahal.

Ang sagot nang markes sukat na aniya
ang mangā wika mo sa aki't pagmura,
sa lagay kong ito'y ano kaya baga
diwa'y di katulad nang lalaking iba.

At ang nasasakop nang buong Lisboa
iniaalay ko sa dikit mo't ganda,
ang hinahangad ko't aking pinipita
kometang matignan nang dalawang mata.

Cricelda'y paglubay nang loob mo't budhi
at ako'y huwag mong bigyan nang pighatî,
puso kong may sakit na nalulugami
hamog nang awa mo'y ipagtalumpatî.

Huwag kang mangānib at huwag malumbay
ito'y hindi biro at katotohanan,
ang nînanasa kong iblg na makamtan
yaong matrimoniong kamahal-mahalan.

Sagot ni Cricelda sa mahal na markes
mabunying alteza y huwag kang magalit,
umaasa ka na sa buo mong isip
bago'y hindî mo pa tanto't nababatid.

Marami at madla sa balat nang mundo
ang nangaghahawak nang sintang para mo,
walang kasing tamis hanggang bago-bago
saka kung sumawa'y di na asikaso.

Naging ugali na't siyang lumalakad
lalo't sa para kong isang taong hamak,
kukuni t kikitlin ang buko't bulaklak
kapag-sinawaa'y pinakalat-kalat.

Bukod sa di gayon aywan sa iba
ang loob nang tao'y di nagkakapara,
alin mang bulak-lak at mangā sampaga
masamyo ang bango kung nasa maceta.

Hindi kasiraan sa mundo'y vanidad
ang makapagtlis nang dalita't hirap
kung sa puno niya malanta't malaglag
may alagang puri di mapapahamak.

Ang wika nang markes aro'y ko aniya
daig ang patallm kay Roldang espada.
ang hirap kong dala ay naragdagan pa
mangã paglait mo hangga nang kanina.

¡Oh cisneng balitang bunying ave fenix!
dampi ang dibdib mo't ikaw ay mag-isip,
kordial ka poon na sakdal nang lamig
na ikapapawl nang hirap ko't sakit.

At ikaw rin naman ang aking justicia
pinagsasakdalan nang hirap kong dala,
kungdi mangyayari bakit hindi mo pa
utasin at kitlin ang tangang hinlngã.

Tugon ni Cricelda'y di ko kakulangan
galang sa dikit mo altezang marangal.
umano ang puso ay nasasakitan
pitagan sa iyo't aking alang alang

Sa Diyos na Hari doon ka manghawak
at sa Inang Virgen bagaman di dapat
magandang nasa mo'y panuntan nang palad
huwag bagang datnan nang anomang sumbat

Kaya ang wika ko mahal na alteza
ay magnilay ka po at mag-ala-ala,
kung ikasisira nang puri mo't honra
ako namang yari'y dili umaasa.

Kung sa ganang akin ang wika nang markes
ang bagay na yao'y huwag ipangãnib
ang aking pagsinta't tunay na pag-ibig
ang nakatatanto'y ang Diyos sa langit.

Ang pagkatotoo nang bagay na ito
kuha yaring singsing na nasa kamay ko.
maging katibayan nitong matrimonio
kung ipagkaloob nang poong si Kristo.

Sagot ni Cricelda'y aking tatanggapin
ang singsing mong mahal na alay sa akin
na kung mangyayari ang pita ko't hiling
sa amá ko sana'y iyo pong sabihin.

Ang sagot ng̃ markes ang iyong magulang
mangyayari bagang dl pagsasabihan,
ng̃uni ang wika ko ang isang dahilan.
aking sasabihin ay lyong pakinggan.

Ganito ang sabi nang markes Gualtero
Cricelda'y isilid sa kalooban mo,
kung may sakuna ka na kahima't ano
bagay nang usap ta'y walang pagllilo.

Sagot ni Crlcelda sa bagay na yaon
sa kalooban mo ako'y umaayon,
ang mabuting nasa'y kamtang mahinahon
kita'y manalang̃in sa Diyos na Poon.

Ito'y siya nilang pinagkayarian
nang dalawang sintang pinag-lsang tunay,
ang markes Gualtero'y 'naghanda't naglaan
nang lahat na damit buong kasangkapan.

Pagdating nang markes sa palacio niya
ang mang̃a pribado'y tinipon pagdaka,
at lpinahayag sinabing lahat na
yaong iniibig na maging markesa.

Naroon aniya sa libis nang villa
ang isang babaeng ng̃ala'y si Cricelda,
at si Juanlculo ang kanlyang amá
laon nang panahong bao sa asawa.

Ngayon dl y paroona't siya'y inyong kunin
sa kay Juanlkulo ay inyong sabihin,
buong katungkula'y siya ninyong gawin
kayo na ang siyang aking katawanin.

At tuloy magdala nang isang carrosa
at buong vestldo nang pagka-markesa,
at magsiabuloy kondesa at dama
nang may kaagapay kung slya'y dalhin na.

Nang kinabukasan pagdaka'y gumayak
carrosa't kabayo'y parang lumilipad,
dl naman nalao'y dlnatlng na agad
bahay ni Criceldang sadya nila't hanap.

Pagdaka'y nagbigay nang puspos na galang
ang bilin nang markes kanilang sinaysay,
hindi nakakibo't nagulumihanan
ang pastor na abang kanilang dinatnan.

Ang winika niya'y ó manga ginoo
ako'y walang dilang isagot sa inyo,
di ko man sabihin talastas na ninyo
ang kada itaan nang abang lagay ko.

Kaya ang wika ko sa kalakhan nila
sintabi sa inyo't huwag maging sala,
yaring buhay ko man ang inyong mapita
iniaalay ko na ipinadadala.

Kahi't sa loob ko'y mahapdi't maantak
mahiwalay ako sa bugtong kong anak,
ako'y magtitis kung siya nang palad
at ito'y sa Diyos nanggaling nagbuhat.

Pagkasabing gayo'y lumapit pagdaka
ang manga kondesa't sampung manga dama,
agad binihisan nang damit na dala
sari-saring hiyas manga piedreria.

Damit ni Cricelda ay nang mahalinhan
ang kahalimbawa'y sumikat na araw,
ang tanang doroon ay nagkamanghan
nadaig si Febo na bagong sisilang.

Totoo't maraming balita nang una
na manga baba'ng sakdal nang gaganda,
bukod sa kay Ester at kay Flocerfida
ang lahat nang ito'y dalg ni Cricelda

Pag-anhing saysayin ang dikit at ganda
ang sasabihin ko'y niyong aalis na,
ang hinubong damit pagdaka'y kinuha't
agad itinago nang kanlyang amá.

At saka nagwika siya nang ganito
damit na gulanit ay itatago ko,
bukas makalawa'y sa pagkaisip ko
ay ito rin lamang ang siyang seguro.

Saka si Cricelda'y nagbuhat nagtindig
nang masuotan na nang mabuting damit,
ang mañga kondesa'y tinalo't dinaig
at iba't iba pang damang nagsilakit.

Di ko pag-aanhin ay napaalam na
ang mañga privado't tinipong lahat na,
humalik sa kamay nang kaniyang amá
at agad sumakay doon sa carrosa.

Nang lumalakad na'y malaki ang tuwa
nang mañga privado't nañgag-aalaga,
bukod si Criceldang mata'y lumuluha
dahilan sa amá na naiwang bigla.

Ñguni't malaki man ang lumbay na dala
ang nananaig din yaong pagsasayá,
mañga kabayo pang nañgagsisihila'y
iba sa ugaling ating nakikita.

Ano'y nang dumating doon sa palacio
malaki ang tuwa nang markes Gualtero,
ipinatawag na yaong arzobispo
nang oras ding yao'y napadespusado.

At ipinagfiestang hindi hamak hamak
ang mañga Privado at kondesang lahat,
malaki ang tuwang walang makatulad
sa nakita nilang nagkaisang palad.

Di ko pag aanhin nang humabang araw
pagsasama nilang lubhang mahinusay,
itong si Cricelda'y nagbuntis naglaman
at saka dumating ang kapañganakan.

Ang ipinañganak ay isang lalaki
ang anyo at asal ay kawili-wili,
walang ikalawa nang dikit at buti
ang ipinañgala'y D Juan ang sabi.

Nang maging santaon humigit kumulang
edad ni D. Juan na nilalakaran,
nangusap ang markes sa asawang mahal
parang tinitikman loob na timtiman.

Anlya Cricelda ako'y mamamatay
nang malaking hiya sa privadong tanan,
dahilan sa aking naging kapalaran
nang pag-aasawa sa hindi kapantay.

Ang wika sa akin nang mañga privado
tanang mañga grandes at mañga consejo,
ang anák tang iya'y ikahihiya ko
at di kikilanlin nang alin ma't sino.

Mahañgay patain ang anák tang iyan
ipatapon ko sa bundok at parang,
kungdi kikilanlin at di igagalang
aanhin ko siya kahi't mabuhay man.

Itong sí Cricelda'y sumagot na agad
nang sabing malambot at wikang banayad,
di baga wika ko asawa kong liyag
mita ka nang iyong kauri't katapat.

Ang sagot nang markes aanhin pa baga
ang nakararaa'y pabayaan mo na,
kung itutulot mo'y papatain ko na
nang di mamalayan nang iba t ibapa.

Sagot ni Cricelda ako ay umano
at hindi umayon sa kaloobán mo,
kinuha ang bata nang markes Gualtero
at saka tinawag ang isang kriyado.

Kapagdaka'y biglang sumulat sa papel
buong kalihiman ang ipinagturing,
dito sa kriyado ay ipinagbilin
ang bata at sulat gayon din ay dalhin.

Doon sa Granada ay biglang dalhin mo
at iyong ibigay sa konde Panicio,
hindi na sumaad dito sa kriyado
pagka't mayroon nang sulat na sekreto.

Ang wika na lamang na ipinagturing
dito sa kriyado at ipinagbilin,
ang bagay na ito'y iyong ipaglihim
sa alin ma't sino ay huwag sabihin.

Pag may nakamalay na alinma't sino
magpakai gat ka wika sa kriyado,
itong aking sabi hindi magbabago
ang buhay mo'y siyang ipa-aalisko.

Kriyado'y lumakad na nagpatuloy na
sa konde Pan cio sa re nong Granada,
ang sulat at bata ay doon dinala
isaman ay walang taong nakakita.

Nang ito'y dumating sa konde Paniclo
sabihin ang tuwa na di mamagkano,
gumanti nang sulat dito sa kriyado
madlang pakumusta tuwang mago't mago.

Di ko pag-aaubin nalibang panahon
pagsasama, nila'y sa sayon nang gayon,
ang manga consejo'y sa lihim nagpulong
sapagka ang anák ay pinagtutunton.

Tantong humahanga ang taong tahat na
kung saan naroon yaong anák nila,
nagbuntis na naman itong si Cricelda
anák na pangana'y hindi nakikita.

Di namen nalab'y nangánák na naman
para rin nang unang nagdaang mahusay,
dapuwa't babal ang anák na tunay
at Maria Juana ang ipinangalan

Ay nang lumaki na'y sa among binanta
para rin nang unang kaniyang ginawa,
sa harap rang iná ay kinuhang bigla
nang markes Gualtero ang anák na mutya.

Ipinadala rin d to sa kriyado
at ipinahatid sa konde Paniclo,
itong si Cr ce d.'y hindi nag-apelo
umayon sa nais nang markes Gualtero.

Kahi't kaputok man ay hindi nangusap
at pinapatining sa dibdib ang hirap,
ang markes Gualtero'y malaki ang habag
sa asawang sintang hindi hamak-hamak.

Lalo nang makitang hindi kumikibo
ang kahalimbawa'y korderong maamo,
kung hindi timtima't matibay na puso
hininga nang markes ay halos magupo,

Sa malaking lumbay at dalang pighati
nitong si Cricelda sa anák na bunyi,
sa sarili lamang nang kaniyang budhi
di maipahayag niya't isangguni.

Ang markes Gualtero isang araw baga
muling sumangguni dito kay Cricelda,
tikis na pagsubok sa sintang asawa
ganito ang sabi na ipinagbadya:

Malaki aniyang aking kahihiyan
sa manga privado at konsejong tanan,
ako raw ay hindi nila igagalang
ang bagay na ito sa iyo'y dahilan.

Ako'y sinisisi nang buong Lisboa
lahat nang sakop ko hanggang sa España.
kung ano at ako'y nayag nag-asawa
sa isang para mong hamak na villana.

Kaya nga nang aking maligtasan ito
ang muling pahayag nang markes Gualtero.
wika kay Cricelda hayo ka na hayo
ang luma mong damit ang siyang dalhin mo.

Ano pa at nalis itong si Cricelda
na hindi tumutol sa sintang asawa,
ang kamukha'y agos ang luha sa mata
ang tinungo niya ang tahanang villa.

Halos ikamatay ang kinamtang hirap
sentencia nang markes sa asawang liyag.
ang nakaragdag pa'y ang dalawang anak
na hindi makita siyang hinahanap.

Alin kayang loob ang hindi masindak
alin namang tao ang hindi mahabag,
dito sa narating nasap't nang palad
ang Diyos na Poon ang siyang may gawad.

Nang siya'y dumating ka'y Juanlculo
nagtakang di hamak siya'y pinagsino,
bakit ka aniya ay nagkaganito
pinapag isá ka nang markes Gualtero.

Bakit ang isapang aking pinapansin
ang pananamit mo'y daig ang alipin,
Crice dang anak ko'y bakin baga bakin
nagkaganito kang humarap sa akin.

Anong naging sala sa markes Gualtero
anong kamalian ay ang ginawa mo,
di baga markesa sa korte't palacio
bakit umuwi ka dito sa villano.

Kung kahima't ikaw ay naging markesa
tinanghal nang madla sa reinong Lisboa,
ang lagay mo bunso anong pagkamura
mabuti pa naman ang isang pastora.

Kawangis mo bunso at nakakamukha
ang lagay at anyo nang ibong mababa,
sa pábo at fenix kung sumalamuha
marahil ang siya ang pinagsisila.

Ang lagay mong iyan nakalagim-lagim
na di ko mabatang tingna't panuorin,
sino kaya bagang hindi makapansin
biglang lumiwanag at saka nagdilim.

Ang damit mong iyan na nasa katawan
magaling pa mandin ang iyong iniwan,
mabuti aniya't aking iningatan
at kung hindi sana'y wala kang dinatnan.

Hayo na bunso ko't magbihis kang tambing
alisin mo iyang damit nang alipin,
maralita ako'y di anong gagawin
kaya walang bagong dinatnan sa akin.

Itong si Cricelda'y hindi na nagsulit
may isasagot ma'y hindi na umimik,
hindi na binuka ang kaniyang bibig
ang hiyang malaki ang siyang gumilit.

Di ko pag-aanhin itong si Cricelda
kung ilan nang buwan doon sa aldea,
ang kaniyang gawa sa tuwing umaga
maglako nang gulay at mañga lechuga.

At sa markesado'y papasok na tambing
tanang lako niya ay doon dadalhin,
at kapagkabili agad uuwi rin
mañgungusina na't ama'y paksakanin.

Ang bagay na yao'y namamasdan pala
nang markes Gualtero itong si Cricelda,
sa tuwi-tuwina'y kung siya'y makita
ang luha'y nananaw sa dalawang mata.

Dili naman siya makapagparamdam
na mabigyan baga nang anoman lamang
siya ay gumawa nang paraa't lalang
ang isang kriyado'y siya'g inutusan.

Pinababantayan sa isang alagad
itong si Cricelda kung masok sa ciudad,
ang lahat nang lako ay bibilhin agad
at pagbabayaran nang maraming pilak.

Malaki ang tuwa nitong si Cricelda
na sa araw-araw kung siya'y magtinda,
di na maglalako doon sa kalsada
palibhasa'y dating natatalaga na.

Ano'y nang dumating labing-tatlong taon
doon sa aldea nang pagkaparoon,
sumapit ang araw tadhanang panahon
mañga anák niya na ipinatapon.

Agad nagpadala ang markes nang sulat
sa reinong Granada sa kaniyang hipag,
sa konde Panicio at sa mañga anák
ang sabi ganito sila'y makimatyag.

Oh kondeng marangal bunying D. Panicio,
kayo'y magsigayak at biglang parito,
dalawa kong anák ay ipagsama mo
magsipagcarroza't kayo'y hihitin ko.

At sapagka't dito'y may malaking fiesta
sa buong kondado nang reinong Lisboa,
yaong habilin kong dalawang sampaga
maging paralumang tanghalin nang mata.

Ay nang maganap na ang lahat nang ito
magbagong akala ang markes Gualtero,
naglakad na siya't doon napatungo
sa bahay nang pastor na si Juaniculo.

Agad tinapatang tinawag pagdaka
manaog ka rito anlya Cricelda.
sa aking palacio'y may malaking fiesta
abuluyan ako at siya kong pita.

Sapagka maraming aking panauhin
taga ibang reinong sa Granada'y galing,
ang isa sa roon ako'y kakasalin
sa isang princesa na duo'y darating.

At mayroong sulat na galing sa Romo
padala sa akin nang mahal na papa,
ako raw ay dapat makapag-asawa
kung sa anak hari at manga princesa.

Sagot ni Cricelda'y kung siya mong hiling
mangyayari bagang di kita susundin,
kahima't mapait sa puso't panimdim,
dadalitain ko't aking titiisin.

Kaya ko sinabi nang matalastas mo
ang muling pahayag nang markes Gualtero,
ikaw ay paroon sa aking palacio
nang makatulong ka nang dama t criado.

Nuwi na ang markes na nagpatuluyan
itong si Cricelda'y sumunod na naman,
ginawa ang madlang manga katungkulan
manga paglilinis sa loob nang bahay.

Ipinaghahanda ang lahat nang bagay
tanang gagamitin g manga kasangkapan,
ang damit nang markes ipinaglalagay
sa isang lamesa doon pinaghusay.

Sampung isusuot nang bagong markesa
ay inilagay rin doon sa lamesa,
linagyan nang tabing na may kolgadura
ang lahat nang silid at sampu nang sala.

Saka linatagan nang mañga damasko
telang maririkit at hilo de oro,
ginto mandong lantay kung tingnan nang tao
sukat mamaáng ang alinmat sino.

Nang mahandang lahat ay dumating namas
ang isang carrosa na nakas si aw,
may mañga bandera likod at harapan
at mañga musiko na nagkakantahan.

Ang konde Panicio'y siyang nalululan
at si Doña Maria sampu ni D Juan,
silang tatlo roo'y nagbakasgapay
daig ang kometang araw na sumilang.

Matanto nang markes ñgayo'y dumating na
ang carrosang galing sa reinorg Granada,
malaki ang tuwa't mañga pagsisaya
lalo nang makita anák na dalawa.

Saka si Cricelda ay agad tinawag
mana't tinawin mo't papasok sa cudad,
ang princesang galing sa Granada'y buhat
na kasing uri ko at dugong mataas.

Kaya ang wika ko ay umabuloy ka
dito sa palacio kung sila'y manhik na,
ikaw ay magsilbi na isang kriyada
magdulot nang tubig sa inyong señora.

Pag-uusap nila ay karinñgat dinñgat
ang tatlo ay biglang sa hagda'y nanakyat,
sinalubong nila at binating agad
itong si Cricelda'y bandeja ang hawak.

Nang matapos ito'y nagsipagluklukan
sa kani-kanilla na silyang uupan,
at si D. Panicio'y siyang kasagapay
nang bunying principeng ñgala'y si D. Juan.

Kaagapay namang naupo sa silya
nang mahal na markes ay si Doña Maria,
ang mañga privado't consejong lahat na
pawang natutuwa at nañagsasayá.

Si Cricelda naman ay umaalagad
na nasalikoran palanggana'y hawak,
sa mañga usapan ay nakikimatyag
at tumatalima sa utos na lahat.

At sa tuwi-tuwing kaniyang makikita
yaong si D. Juan at si Doña Maria,
malaki ang tuwa at kung ano baga
dañgang di mangyari ibig yakapin na.

Halos hindi ibig ang mata'y alisin
nang dalawang anák sa ina'y pagtiñgin,
at ang iná nila naman ay gayon din
ang tuwa nang loob di sukat sabihin.

Tinawag nang markes itong si Cricelda
si Doña Maria'y ipinakilala,
Ito ña anlya ang iyong señora
ikaw ang utusan magsilbing kriyada.

Dito sa palacio ay matitira ka
at alagaan mo ang aking asawa,
walang uutusang tatawaging iba
kungdi ikaw lamang ang siyang talaga.

Sagot ni Cricelda'y balang kalooban
susundin po kata altesang maraño̱al,
di siyang salamat kung ang taong parang
magsilbing kriyada ninyong mañga mahal.

Marami at madla ang nagkakapalad
ako ay bukod nang kaiba sa lahat,
ang aking linakha'y kaparañga't gubat
sa real palacio ñgayo'y naging dapat.

Sa sagot na yaon nitong si Cricelpa
nalaglag ang luha ni Doña Maria,
anong buting asal dunong tumalima
nang babaing ito bagaman pastora.

Sa markes Gualtero namang namamasdan
kay Doña Mariang mañga kalumbayan,
at gayon din naman itong si D. Juan
sinidlan nang sindak at kapighatian.

At saka nangusap ang markes Gualtero
ó Doña Maria aniyang poon ko,
bakin baga bakin nagkakaganito
luha mo'y nanatak ang dahila y ano.

Sumagot din naman si Doña Maria
sa markes Gualtero ang winika niya,
malaking habag ko sa iyong kriyada
na nasasalikod ang wika'y pastora.

Kung baga't loob mo ó altesang mahal
hingi ko sa iyo'y mangyaring pakinggan,
sa kriyada mo po ay huwag ibilang
makasalo nating kumain sa dulang.

Kay Doña Mariang hiling na mapilit
kasabay ang luha na namamalisbis,
hayo't magbihis ka ang wika nang markes
ang damit mong luma ay iyong lalis.

Sa oras na yaon itong si D. Juan
sinidlan nang sindak at kapighatian,
kungdangan lalaki loob ay matibay
pumatak ang sa pighating tangan.

Nang makapagbihis itong si Cricelda
agad pinaupo sa luklukang silya,
lahat nang doroo'y pawang nangagtaka
sa pagkakaparis tatlong mag-lina.

Sa pagkakawangki at pagkakabagay
nang tabas nang mukha anyo nila't lagay,
isa ang tikas nang pangangatawan
balang makakita'y nagkakangmamanghan.

Si Doña Maria ay kung pagmalasin
saka si Cricelda naman ay gayon din,
ang nakakamukha'y ang mnaga bituin
nangagkakaisa ang kanilang ningning.

D'to na nagwika ang markes Gualtero
Cricelda aniya ano ang tinig mo,
kay Doña Maria t dini sa lagay ko
na iyong senyora at markesang bago.

Sagot ni Cricelda'y kundangan nga lamang
sugat niyaring puso'y di ibig maalang,
ang winika niya'y oh Virgeng naranggal
ano kaya yaring narating nang buhay.

Ito ang wika ko mabunying altesa
punong sinusunod nang buong Lisboa,
oh mahal na kondeng bantog sa Granada
sa mangga grandes po hingi ko'y justicia.

Na kung mangyayari itong aking hiling
ang aking kerelya'y inyong paglininginin,
ang kasakdalan man buhay ko'y allsin
yaring sentimiento'y hindi malilihim,

Ang sagot nang markes sa iyong tinuran
mangyayari bagang di ka pakikinggan,
mangga escribano'y tinawag pagkuwan
at pinapaglining nang demandang alay.

Hayo't ipatulo'y hain mong kerelya
ang may kasalanan ay nang makilala,
at walang defensor na makaasangga
na di palalagyan nang tapat na dusa.

Doon po sa aming hamak na aldea
ang kinagisnan ko kay amá't kay ináa,
ay may halamanan na isang laguerta
kinawiwilihan nang haring águila.

Di ko pag-aanhin sa laguertang yaon
marami at madlang nagsasadyang ibon,
di na umaalis sa umaga't hapon.
paghiga't pagtulog mangga pag-uulong

Sa madlang doroong nangagsipaglakbay
ay may isa siya bagang kinalugdan,
isang abang ibon na babaing bunay
siyang kinasama sa gabi at araw.

Sa habang panahong pagsasama nila
sinidlan nang sinta ang itong águila,
itong ab·ng punay nagl hi't namungá
ang una'y lalaki't babal ang isa.

Nang magsilaki na't magkabalahibo
ang kahalimbawa'y sisiw nang avestru,
pagdaka'y kinuha't pinutlan nang uio
ito ring águila ang siyang naglilo.

Sinunod ang ibig nang itong águila
at sampu nang punay ibig lumay pa,
ang nasa nang loob sa tuwi-tuwl na
patain at kitlan nang tangang hiningá.

Ito po ang siyang kerelya ko ngayon
verbal na morlal na kukunang hatol,
yamang Juez kayo at real promotor
sa sentencia ninyo ako'y umaayon.

Ang wika nang markes sa konsejo niya
sa manga privado at iba't iba pa,
ngayon ang hatol ko't bigay na sentencia
kung buhay ang utang buhay rin ang dusa

Pawang napamaang ang tanang consejo
at ang katipunan sa real kabildo,
at gayon din naman ang konde Panicio
dito kay Cricelda nitong pagveverso.

Ano'y nang sa markes na mapag-akala
ang bagay na ito'y sa kaniya ang tama,
agad namalisbis sa mata ang luha
at saka nangusap ganito ang wika.

Cricelda anlya'y pabayaan muna
ang bagay na ito'y pasasaan baga,
makaraan lamang itong aking fiesta
saka ko hatulan ang iyong kerelya.

Sagot ni Cricelda'y balang kalooban
ay aking susundin ó markes na mahal,
siyang pagtinding nitong si D. Juan
ang wika'y ngayon din ay iyong hatulan

Di ako kakain dito sa lamesa
kungdi mo yariin ang lyong sentencia,
ako ang defensor nang abang pastora
saksi ko ang Krus nang aking espada.

Ang kasakdalan ma'y magkahalubilo
dito sa Lisboa ang lahat nang tao,
ngayon din aniya'y gawin ang proceso
hatulan nang tapat ang alin ma't sino.

Ang mahal na markes ay nahintakutan
sa gayong winika nitong si D. Juan,
hintay ka aniya't loob mo'y paghusay
at nang matanto mo ang kadahilanan.

Ako nga aniya ang haring águila
na iplnagsumbong nitong si Cricelda,
at kayo rin naman ang supling ko't bunga
lnahiwalay kong malaong araw na.

Siya nga ang punay namuko't nagsupling
tindig manga bunso at lnyong kilanlin,
sa tuwi-tuwina'y nagugunina rin
pinagbantaan kong buhay ay alisin.

Pagkawikang gayon nagtindig na agad
si Doña Maria luha'y nalalaglag,
si D. Juan naman ay biglang nagbuhat
sllang magkapatid ang ina'y niyakap.

Nagsabay nag-wika anák na dalawa
pangìnoon naml't maralltang iná,
habang araw kami pinapangullla
na di mo natingnan nang dalawang mata.

Ano bagang aming naging kasalanan
na sa amlng iná y naging kalliuhan,
at hindi na namin nakita't namasdan
nahiwalay kami na mahabang araw.

Oh manga bunso ko wika ni Cricelda
na pinamuhunanan nang aking hinlnga,
ang bagay na ito'y dl ko maging sala
aywan sa markes poon ninyo't amá.

Kung inyong matanto yata't matalastas
pinagdaanan kong dalita at hirap,
ang luha man ninyo sa bakas nang yamak
babalong sa mata't magkakanlalaglag.

Yamang mañga bunso kayo'y narito na
nakita na ninyo maralitang iná,
sa oras na ito'y lalong ibig ko pa
mautas makitil ang tañgang hininga.

Oh mañga bunso ko kayo'y umunawa
sa dinaanan kong hirap at dalita,
pañgañganak ko na ay siya nang mula
sa araw at gabi kinakal'y luha.

Nang magka-edad na kayong ilang buwan
ang mañga bunso ko sa aking kandunĝan,
kinuha nang markes at papatain daw
at sapagka't ako'y taong hamak lamang.

Ikinabababa nang puri ko't honra
at sapagka't ako'y hamak na pastora,
ang mañga anák ko'y wala raw halaga
hindi igagalang nang consejo niya.

Nang magkagayon nang kayo'y maghiwalay
pinauwi ako sa aking magulang,
ang idinagdag pa ako'y hinatulan
inalis ang damit sa aking katawan.

Aanhin ko baga kinuha man niya
sapagka di akit siya ang may gasta,
ako'y pinaronan sinundo sa villa
muwi sa palacio't magsilbing kriyada.

Na ako'y parito't magsilbing alipin
maghanda sa dulang nang mañga pagkain,
at darating kayong mañga panauhin
taga ibang reino sa Granada'y galing

Ito ñga bunso ko ang malaking sindak
sa puso ko'y laso't mabisang kamandag,
malaking tuwa ko at pasasalamat
sa Diyos na poon at sa inyong lahat.

Ang sagot at wika ni Doña Maria
ikaw ngã ang siyang tunay naming iná,
malaki ngãng hirap ang yong b nata
dahilan sa amin kung kaya namura.

Lagay naming ito'y makabayad kaya
sa mangã hirap mong iyong dinalita,
mangagkamamangnan ang dercong madla
at nangagsitulo sa mata ang luha.

Lalo nang mangusap itong si D. Juan
sa harap nang markes at nang kapisanan,
kundangan ikaw po'y amá kong naturan
ang hirap ni iná'y iyo g binayaran

Aling kayang puso ang hindi mahabag
at alin ang luhang hindi malalagnag,
matitiis kaya nang para kong anák
tanang pagkasabi nang kay Ináng hirap.

Wika ni D. Juan na ipina badya
lakíng kapalaran nang re nong Lisboa,
at aking dinatnang buhay pa si Irá
na kung hindi disin ginunaw ko sana.

Ngayon ang tanong ko sa amá kong mahal
sa kataasan mo't bunying kamahala.
kung ang aking iná'y pakikisamahan
at kung hindi nama'y aking maalaman.

Ang tugon nang markes bayaan na iyan
sa reinong iba pa'y nang di mamalayan.
munti bagang hirap nang gintong dalisay
ihalo sa hindi kauri t kapantay.

Itong si D. Jua'y sumagot na bigla
oh mahal na markes na di matingkala,
ang reinong Lisboa nang hindi masira
bagohin mo iyang sabi mo at wika.

Kung ang aming iná'y di ka nagkakamali
Inihanap kami nang amáng may uri,
Ikaw aming amá ang di na nagwari
sa naging asawa'y hindi na pumili.

Kung babagohin pa ang lagay ni iná
na di ibibilang sa mañga markesa,
ang mamatay ako'y lalong ibig ko pa
nang di ko makita pagkaalimura.

Pagdaka'y nagtindig ang konde Panicio
at sa kaguluhan ay nagbigay payo,
wika kay D. Juan' ang banalay ako
ipagpaumanhin ang bagay na ito.

Oh mahal na markes loob mo'y paghusay
mag ala-ala ka sa di katuwiran,
iyo pong baguhin akala mong iyan
ang mañga anák mo'y nang hindi magdamdam

Itong si Cricelda'y bagaman pastora
ikaw nama'y markes ay ano pa baga,
sa pagkababae ang puri at honra
na sa iyong lahat ang honores niya.

Di ikabababa nang kamahalan mo
maghinahon ka po sa bagay na ito,
at huwag talikdan iyong sakramento
sa Diyos na Poon nang di maging kargo.

Pagka sabing gayon nang konde Panicio
nalaglag ang luha nang markes Gualtero,
aniya Cricelda ako'y yakapin mo
ngayon ko natanto loob mo'y totoo.

Ang puso mo pala'y daig ang patalim
sa tibay at tigas ay di mapipisi,
talagang pagsubok at aking pagtingin
sa kabaitan mong iningat na lihim

Ay kung kaya ngayon ang hingi ko'y tawad
at sa inyo namang aking mañga anák,
ngayon ko natanto't aking natalastas
daig ang patalim sa tibay at tigas.

Kaya manga bunso ang magaling ngayon
ay sa inyong nuno ay magsisalubong,
dito sa palacio ngayo'y magkatipon
magsasama tayong mahabang panahon.

Sapagka ugali't dating katuwiran
ang markes Gualtero'y lumuhod pagkuwan,
ang dalawang anák ay gayon din naman
sa kanilang nuno'y humalik nang kamay.

Nang kay Juaniculong makita ang gayon
agad iginawad mahal na bendisyon,
nangagpasalamat sa Diyos na Poon
sa pagkakaisa at pagkakaayon.

At saka nangusap ang bunying alteza
yayamang kayo po ngayo't narito na,
ang dapat sa iyo ang isang geneta
mayordomo ka po dito sa Lisboa.

Nagsama na sila doon sa palacio
itong si Cricelda't ang markes Gualtero,
umuwi na naman ang konde Panicio
yamang tahimik na at wala nang gulo.

Ito na ang wakas siyang naging hangga
buhay na nasapit nitong si Cricelda.
ang tigas nang loob na di nagkaiba
at dunong sumunod sa asawa niya.

Dito po sa ating pagkabuhay ngayon
sa madlang iba pang manga mararunong,
aling kayang puso ang di malinggatong
nagtiis nang hirap mahabang panahon.

Palibhasa'y hamak ang imbing pastora
nagtiis nang gayong pagka-alimura,
ang isinapusong pinagtibay niya
ang magpakumbaba'y palad na maganda.

Itigil ko na po't dito ko itahan
numplos at músikos na nakikiramdam,
kayong titulados sa dunong at alam
maging kompositor sa sabing nagkulang.

Itatahan ko na yaring salita ko
parang hablang munti at aking deskargo,
may kapintasan ma'y mara kay Arquino
magtakip nang mukha sa kapuwa tao

KATAPUSAN

BAHAY PALIMBAGAN NI P. SAYO BALO NI SORIANO



ITO ang tangìng palimbagan sa buong Pilipinas na nagpapalimbag nğ mğa pilì't mariríkit na kathâng tagalog na nagdudulot nğ ilaw sa isip ng bayang mangbabasa. Ang pagpapalimbag na itó'y pinamumuhunanan namin nğ malakí nğunì't hindî namin nililinğón at pinanghihinayanğan, palibhasà'y walâ kaming ibáng hanğad kung dî ang makapaglingkod sa bayan sa pamamagitan nğ paglalathalà nğ mğa aklat na nagtuturò sa mğa tao nğ landas na dapat niláng subaybayin sa buhay. Sasamantalahin namin ang pagkakataong ito upang pasalamatan ang pagtangkilik na sa ami'y ginagawâ nğ makapal na sukì.

Sa mğa aklat na [illegible] nang nalimbag dito ay kabilang itóng mğa sumusunod: Pancho Villa, ni Ben. Ruben; Nahigit sa Gintô, Dahil sa Pagibig, Sa Gitnâ nğ Lusak, at Huling Araw nğ Isang Bibitayin, mğa halaw ni G. Chanco; Lalaking Uliran, Isa pang Bayani at Ely, ni J. L. Arsciwals; Ang Buhay ay Pagibig, Sa Laot nğ Pagsusuyuan, Pusong Magdaraya (dalawang aklat) ni R. Ignacio; Unang Pagibig (dalawang bahagi) ni Valeriano Hernandez; Munting Diccionario at Pocket Dictionary—English-Spanish-Tagalog, ni Sofronio G. Calderon; Naluoy na Pagsinta at Sampagitang Walâng Banğó, ni Iñigo Ed. Regalado, at ibá't ibá pa.

Kamí rito'y may isáng aklatan na maáaring dulugán nğ labát sa pagbibilî, dî lamang nğ mğa aklat na iyán kungdî namán nğ mğa sarìsarìng nobelang kastilà at ibá pang mğa aklat at kagamitán sa pagsulat. Sa pamamagitan nğ pakyawan ay maáaring magsadyâ o sumulat kay P. SAYO BALO NI SORIANO, sa daang Rosario blğ. 225, Binundok, Maynila.

Imp. at Lib. ni P. Sayo Balo ni Soriano

Rosario 225 Binundok. Tel. 3099 S. Fernando 1008

Azcarraga 552, Tundo, Maynila.

Ipinagbibili sa manga LIBRERIANG ito ang manga sumusunod na aklat sa wikang tagalog:

Buhay ni Aladino
„ „ Alejandre at D. Luis
„ „ Almanzor
„ „ Arturo, Lauro at Rosalio
„ „ Amang si Jesus
„ „ Abecidario
„ „ Adan at ni Eva
„ „ Balduino
„ „ Beatriz
„ „ Beata Maria
„ „ Bernardo Carpio
„ „ Berto ng Laseng
„ „ Blanca Flor
„ „ Balo ning Samaritana
„ „ Calayong Tabla
„ „ Celira
„ „ Conde Urbano
„ „ Clotilda
„ „ Dama Ines
„ „ Diluvio Universal
„ „ D.a Marcela
„ „ D. Maria sa Abas
„ „ Doce Pares
„ „ Dr. Jose Rizal
„ „ Dr. Jose Burgos
„ „ Dr. Diego at D.a Juana
„ „ Doncella Teodora
„ „ Diego de Marcilla
„ „ Edmundo
„ „ Eliceo at ni Feliza
„ „ Eliseo at Hortensio
„ „ Esopo
„ „ Emilio
„ „ Eelizardo
„ „ Fieles Amantes
„ „ Florante at Laura
„ „ Florentina
„ „ Floriño
„ „ Gonzalo de Cordova

Buhay ni, Gunlas
„ „ Graciano at ni Gaudencio
„ „ Huwaran ng kalinisan ng puri
„ „ „ Haring Asuero
„ „ „ Calamaca
„ „ „ Saul at David
„ „ „ Salomon
„ „ Ibong Adarna
„ „ Isidoria
„ „ Jacintina
„ „ Jaime del Prado
„ „ Jose Venancio
„ „ Margarita de Kordona
„ „ Ikalawangpu at dalawang Kawende
„ „ Pagcaguho ng Troya
„ „ Haring Clodoveo
„ „ Pitong Personas
„ „ Jose Flores
„ „ Juan Bachiller
„ „ Juan at Maria
„ „ Juan Fatay
„ „ Juan Tiñoso
„ „ Juan Tamad
„ „ Juan Lalaye
„ „ Leopoldo
„ „ Lausico
„ „ Landas na tuntunin
„ „ Ligaya sa langit at Mundo
„ „ Manrique
„ „ Maria Merced
„ „ Rodolfo
„ „ Rodrigo de Villas
„ „ Fabiante de Rosamonte
„ „ Tomas at Maria
„ „ Tomas at [illegible]
„ „ Urbano at ni Feliza
„ „ Villarba

UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 05228 7144